

1 Kailan at Saan

Tanungin ang sarili kung saan gagamitin ang telepono. Sa bahay? Sa trabaho? Habang naglalakbay? At tanungin din kung kailan gagamitin? Sa araw? Sa mga gabi? Sa mga Sabado't Linggo?

2 Ang Inyong Sakop na Lugar

Walang kompanyang "wireless" ang nagsisilbi sa buong estado kaya kailangang humanap ng nagsisilbi sa lugar kung saan madalas ninyong gamitin ang "cell phone." Ang mga mapa ng sinasakop na lugar ay inyong makikita sa kanilang mga tindahan, "website," o tanungin sa nagtitinda ang mga tiyak na lugar na inyong maaaring gamitin ang "cell phone."

3 Piliin ang Inyong Tamang "Calling Plan"

Karamihan ng mga kompanya ay nag-aalok ng iba't ibang "calling plan" na panglokal, pangrehiyon, o pambansa. May ilang plano na maaaring tumawag kahit kailan o sa "peak times" lamang. Ang iba ay panggabi, pang-Sabado't Linggo o pang-"off-peak times".



Pag-aralang mabuti ang bawat plano. Dalhin ang inyong babayaran sa "cell phone," kung kayo ay mayroon, at ihambing ang mga singil.

4 Ang Inyong Panahon ng Pagsubok

Karamihan ng mga kompanya ay may panahon ng pagsubok upang subukin ang serbisyo at ang sinasakop na lugar. Ito lamang ang pagkakataon na maaari ninyong putulin ang kasunduan na hindi kayo sisingilin ng Bayad sa Maagang Pagtigil. Subukin ng maigi ang inyong "cell phone" at ang mga katangian nito.

5 Mga Pagpipilian sa Matagalang Kasunduan

Kung ang isang kasunduan ay hindi bagay sa inyo, humanap ng planong buwanan, "flat rate", "pay as you go" o "prepaid".

Kung pipiliin ninyo ang planong "prepaid," alamin kung kailan matatapos ang mga minuto. Alamin kung sakop nito ang mga pangmalayuang tawag o tawag sa labas ng bansa. Alamin kung paano makakabili ng dagdag na minuto at kung kailangang bumili bago maubusan nito.

6 Alamin ang tungkol sa "Roaming"

Alamin ang tungkol sa "Roaming"

Ang "Roaming" ay ang paggamit ng serbisyo ng ibang kompanya na "wireless" kapag tumawag sa "cell phone." Ito ay maaaring mangyari kung kayo ay nasa labas ng sinasakop ng inyong kompanya o

kapag ang inyong tawag ay hindi na kayang mapaglingkuran sa loob ng sakop na lugar ng kompanya.

Alamin: 1. Kung may singil sa "Roaming." 2. Paano ninyo malalaman kung kayo ay "Roaming." 3. Kung gumagana lahat ng serbisyo kapag kayo ay nasa "Roaming."

7 Pangmalayuang Tawag

Kayo ay maaaring sisingilin ng pangmalayuang tawag kapag tumawag sa labas ng inyong panglokal na lugar. Alamin kung paano ang bayaran sa mga tawag na pangmalayuan.

8 Mga Katangian na Iba Pa sa mga Serbisyong Pangtawag

Ang iba pang mga serbisyo ay ang pagtingin sa "Internet" at paggamit ng "text messaging." Alamin kung paano ang bayaran sa ganito at kung paano ipatitigil or ipapaputol kung nais ninyo. Ang iba pang mga serbisyo ay ang "mobile to mobile", o mga tawag na galing sa isang "cell phone" pang-

sa ibang "cell phone."

9 Panatilihin ang inyong Numero ng Telepono

Kung lilipat kayo sa ibang kompanya ng telepono, maaari gamitin ang inyong kasalukuyang numero ng telepono. Kung kayo ay may kasalukuyang kasunduan at ipinatigil ito ng maaga, maaaring kayo ay magbayad ng Bayad sa Maagang Pagtigil.

Maaaring kailanganin kayong bumili ng bagong "cell phone" na bagay lamang sa "network" ng isang partikular na kompanya.

10 Unawain ang Inyong mga Singil

Humingi ng halimbawa ng babayaran sa bawat buwan.

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga ba-

gay na dapat ninyong alamin:

- Panimulang bayad. ("Activation Fees")
 - Singil sa buwis at iba pa. ("taxes and surcharges").
- Singil sa pangmalayuang tawag, "roaming" at "air-time".
 - Singil sa paggamit ng "text messaging" at iba pa, kasama ang kung paano ang singil kung kayo ay may kahati sa paggamit ng mga minuto.
 - Naputol na Tawag ("Dropped Calls"). Tatanggap ba kayo ng "credit" sa mga tawag na naputol dahil sa mahinang serbisyo sa sakop na lugar?
 - Bayad sa Maagang Pagtigil. Ano ang mga singil kung ipatitigil ang inyong serbisyo bago matapos ang kasunduan? Kung mahigit sa isang "cell phone" ang nasa plano, ang singil ba ay ipapataw sa bawat "cell phone?"



Paano Bumili ng Serbisyo sa “Cell Phone” Sampung Kaalaman

Bago bumili ng serbisyo ng “cell phone,” hanapin ang pinakamagandang plano sa inyong pangangailangan at laan sa paggastos. Pag-aralang mabuti ang lahat ng mga inaalok.

Bago pumirma ng kasunduan, tiyaking naiintindihan ang inyong binibili at kung ano ang nasa kasunduan. Itanong ang lahat ng bagay na hindi malinaw sa inyo. Tingnan din ang “website” ng kompanya sa iba pang impormasyon.

 **calphoneinfo**
California's Consumer Education Initiative
www.calphoneinfo.com
1 (800) 649 7570 – “Hotline” ng CPUC

SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, BISITAHIN ANG:
www.cpuc.ca.gov
www.fcc.gov
www.ftc.gov



Kid Keypad © 2006 Charles Bayer - Computer Characters

“Ako ang ‘Keypad Kid’ na naghahatid sa inyo ng impormasyon tungkol sa serbisyo ng ‘cell phone’.”

Kung kayo at ang inyong kompanya ng telepono ay mayroong hindi malutas ng pagtatalo, maghain ng sumbong sa www.calphoneinfo.com o tumawag sa “CPUC hotline” sa 1-800-649-7570.

Plain Talk Series
10 Wireless Tips



Sampung Kaalaman sa Pagbili ng Serbisyo ng “Cell Phone”

 **calphoneinfo**
California's Consumer Education Initiative
Tinatangkilik ng “California Public Utilities Commission” katulong ang mga kompanya ng telepono at mga organisasyong pang-komunidad.

www.calphoneinfo.com

Plain Talk Series
Tagalog, Feb. 2008